

MGA KASAYSAYAN NG PROPESIYA



Ang Kautusan ng Hari

Daniel 6:1-28

Ang Kasaysayan...

Pagkatapos na sakupin ni Darius, hari ng Medo-Persia, ang Babilonya, ay ipinapatay niyang lahat ang mga pinuno nito, maliban kay Daniel, isang tunay na lingkod ng Dios. Pitumpong taon ang nakaraan, si Daniel ay isa sa mga bihag mula sa Juda, at siya'y pinagpaglingkod bilang tagapayo sa mga hari ng Babilonya. Si Daniel ay nakilala sa buong kaharian na mayroong marilag na epiritu. Daniel 5:12; 6:3.


Hindi lamang siya binuhay ng hari, kundi “inisip na siya'y ilagay sa buong

kaharian.” Daniel 6:3. Nang malaman ng mga pinuno ng Medo-Persia na isang matandang bihag na Hebreo ang mamumuno sa kanila ay nagpuyos ang galit ng mga ito. Sila'y nagpanukala na hikayatin ang hari na lumagda sa isang kautusan na nagbabawal sa sinoman na humingi ng anumang kahilingan sa sinomang dios o tao sa loob ng 30 araw, maliban sa hari. Ang sinomang lumabag ay itatapon sa yungib ng mga leon (Daniel 6:7). Batid ng mga taong ito na si Daniel ay dimatitinag sa kanyang buhay na mapalangin at matatag na nakatalaga sa pagsunod sa utos ng kanyang Dios na nagbabawal ng pagsamba sa anumang ibang dios (Exodo 20:3).

Tulad ng inaasahan nila, nahuli ng mga pinunong ito si Daniel na nalangin sa Dios mula sa kanyang durungawan. Nang matuklasan ni Haring Darius na siya'y nalinlang at ang kanyang matandang kaibigan ay itatapon sa yungib ng mga leon ay sinikap niyang iligtas ito sa bisa ng batas na may kamangmangan niyang nilagdaan. Ngunit ang batas ay hindi na mababago.

Itinapon si Daniel sa yungib ng mga leon, ngunit ginantimpalaan ng Dios ang kanyang katapatan sa pagsusugo ng anghel upang itikom ang bibig ng mga leon (Daniel 6:22).

Sinasabi ng propesiya na sa mga huling araw ang bayan ng Dios ay gagawa rin ng katulad nitong kapasyahan kung sinong hari at aling kautusan ang kanilang susundin.



6

Ang Pag-aaral...

Punan ang mga puwang pagkatapos na basahin ang bawat talata ng Biblia.

1. Maaari bang susugan o kaya'y pawiin ang moral na kautusan ng Dios?

Lukas 16:17 *Lubhang magaan pa ang _____ ang langit at lupa kaysa mahulog ang isang kudlit ng kautusan.*

Awit 89:34 *Ang tipan ko'y hindi ko _____, ni akin mang _____ ang bagay na lumabas sa aking mga labi*

Awit 111:7, 8 *Ang lahat niyang kautusan ay tunay. Sila'y _____ man.*


Malakias 3:6 *Sapagkat Ako, ang Panginoon ay _____.*

PALIWANAG: Sa anumang pangyayari, ang Sampung Utos ng Dios ay hindi mababago o mapapawi kailan man. Ito'y magpakailan man tulad ng Dios. Tatlong ulit sa Biblia, ang mga hari ng lupa (tulad nina Herodes, Ahasuerus, at Darius) ay gumawa ng mga batas na nang dakong huli ay ninais nilang baguhin ngunit hindi na ito magawa. Kung ang mga kautusan ng mga mahihina at pabago-bagong mga hari ay hindi maaring baguhin, sino pa kaya ang mag-iisip na baguhin ang walang hanggang kautusan ng Dios na isinulat sa bato ng Kanyang daliri? Pansinin ang paghahambing sa Dios at ang Kanyang kautusan.

ANG DIOS AY:

ANG KAUTUSAN AY:

Lukas 18:19	MABUTI	Roma 7:12
Isaias 5:16	BANAL	Roma 7:12
Deuteronomio 32:4	KATOTOHANAN	Roma 7:12
Mateo 5:48	SAKDAL	Awit 19:7
1 Juan 4:8	PAG-IBIG	Roma 13:10
Exodo 9:27	MATUWID	Awit 19:9
Deuteronomio 32:4	KATOTOHANAN	Awit 119:142, 151
1 Juan 3:3	DALISAY	Awit 19:8
Juan 4:24	ESPIRITUWAL	Roma 7:14
Malakias 3:6	HINDI MABABAGO	Mateo 5:18
Genesis 21:33	WALANG HANGGAN	Awit 111:7,8



Ang kautusan ng Dios ay hindi mababago, sapagkat ito ay salin ng Kanyang likas. Ang maluwalhating mga salita sa Kasulatan na naglalarawan sa Dios ay naglalarawan din ng Kanyang kautusan. Ang kautusan ng Dios ay Kanyang likas na nakasulat.

2. Ayon sa Biblia, ano ang kasalanan?

1 Juan 3:4 *Ang kasalanan ay _____ sa kautusan.*

Roma 3:20 *Sa pamamagitan ng _____ ay ang pagkakilala ng kasalanan.*

PALIWANAG: Ang Diablo ay namumuhi sa kautusan sapagka ito ang nagsasabi sa atin na kailangan natin ng Tagapagligtas sa kasalanan. "Sapagkat kung saan walang kautusan ay walang pagsalangangang." Roma 4:15. Ang sinoman ay hindi maililigtas ng kautusan, ngunit ito'y nagpapakita ng kasakdalan ng Dios at ng ating karupukan.

3. Anong kautusan ang tinutukoy ng I Juan 3:4?

Roma 7:7 *Datapuwa't hindi ko sana nakilala ang kasalanan kundi sa pamamagitan ng kautusan, sapagkat _____ ang kasakiman, kundi sinabi ng kautusan, Huwag kang mag-iimbot.*

PALIWANAG: Ang Sampung Utos ng Dios ang nagsasabi, “Huwag kang mag-iimbot. Ang paglabag sa Sampung Utos na sinulat ng Kanyang daliri (Exodo 31:18; 32:16) ay kasalanan. Ang kautusan ng Dios ay “malawak” (Awit 119:96) at “sakdal” (Awit 19:7). Saklaw nito ang “buong katungkulan ng tao” (Eclesiastes 12:13.) Kapag tayo'y nakadarama ng kasalanan, kailangan natin ang Tagapagligtas. Ang Diablo ay namumuhi sa kautusan sapagkat ito ang nag-uudyok na tayo'y tumingin kay Kristo para sa pagpapatawad at pagliligtas.

4. Tinupad ba ng Panginoon ang Sampung Utos?

Juan 15:10 _____ *ko ang utos ng Aking Ama.*

PALIWANAG: Tinupad ni Jesus ang Sampung Utos bilang halimbawa para sa atin (I Pedro 2:21).

5. Gaano karaming tao ang nagkasala?

Roma 3:23 *Sapagkat ang _____ ay nagkasala at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Dios.*

6. Ano ang kaparusahan sa buhay ng kasalanan?

Roma 6:23 *Ang kabayaran ng kasalanan ay _____.*

PALIWANAG: Kung ang kautusan ng Dios ay maaring baguhin, hindi na sana kailangang mamatay si Kristo. Ang pagbabayad ni Jesus para sa kasalanan sa pamamagitan ng kanyang kamatayan ay katibayan na ang kautusan ay hindi mababago.

7. Sinasabi ng ilan na Ang Sampung Utos ay walang bisa sa Kristiyanong Bagong Tipan. Ano ang sinasabi ni Jesus ukol dito?

Mateo 19:17 *Kung nais mong pumasok sa buhay _____ mo ang mga utos.*

Juan 14:15 *Kung Ako'y inyong iniibig, _____ ninyo ang Aking mga utos.*


Apokalipsis 22:14 *Mapalad sila na _____ ng Kanyang mga utos.*

Apokalipsis 14:12 *Narito ang pagtitiyaga ng mga banal: ng mga nagsisitupad ng mga _____ ng Dios.*

PALIWANAG: Ang Bagong Tipan ay payak na nagtuturo na tutuparin ng bayan ng Dios ang Kanyang mga utos. Batid nating lahat na ang sanlibutan ay lubhang ligalig ngayon sapagkat marami ang hindi nagpapahalaga sa kautusan ng Dios. “Kapanahunan sa Panginoon na gumawa: sapagkat kanilang winalang kabuluhan ang Iyong kautusan” Awit 119:126.

8. Papanong masusunod ang mga kautusan?

Roma 8:3, 4 *Sa pagsusugo ng Dios sa Kanyang sariling Anak ... ay hinatulan ang kasalanan sa laman. Upang ang katuwiran ng kautusan ay matupad _____.*



Filipos 1:6 *Na ang nagpasimula ng mabuting gawa _____ ay tutuparin ito hanggang sa araw ni Jesukristo.*
 Filipos 4:13 *Magagawa ko ang lahat ng bagay sa pamamagitan ni _____ na nagpapalakas sa akin.*

PALIWANAG: Kapag ang isang tao ay muling ipinanganak, si Kristo Jesus, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ang siyang kumikilos sa buhay niya at mahimalang gumagawa ng pagsunod.

9. Ano ang matandang tipan, at bakit ito nabigo?

Deut. 4: 13 *At kaniyang ipinahayag sa inyo ang kaniyang tipan, na Kaniyang iniutos sa inyong ganapin, sa makatuwid bagay ang _____; at kaniyang isinulat sa dalawang tapyas na bato.*


Hebreo 8:8 *Sapagka't sa pagkakita ng _____ sa _____, ay sinabi niya ... na Ako'y gagawa ng isang bagong pakikipagtipan; sa sangbahayang ni Israel at sa sangbahayan ni Juda.*

10. Saang kautusan nakabatay ang Bagong Tipan?

Hebreo 8:10 *Sapagka't ito ang pakikipagtipang aking gagawin ... sinasabi ng Panginoon; Ilalagay ko ang Aking mga _____ sa kanilang pagiisip, At sa kanilang _____ aking isusulat ang mga ito.*

PALIWANAG: Ang dalawang tipan ay kasunduan ng Dios at ng Kaniyang bayan. Ang unang Tipan ay nabigo dahil nakabatay ito sa maling pangako at gawain ng mga tao. Exo. 24:7 *Lahat ng sinalita ng Panginoon ay aming gagawin, at kami ay magmamasunurin.* Ang bagong tipan ay nagtagumpay sapagkat ito'y kautusan ng Dios na nakasulat sa puso at nakabatay sa mga pangako ni Jesus at sa Kanyang mapaghimalang kapangyarihan.

Hebreo 8:10 *Ilalagay Ko ang Aking mga kautusan sa kanilang pagiisip, at sa kanilang mga puso ay isusulat ang mga ito.* Ang buong likas ng tao ay nababago, kaya nagiging kasiyahan niya na sundin ang kalooban ng Dios. Pansinin na ang bagong tipan ay nakabatay sa gayon ding kautusan, ngunit nakasulat sa ibang bahagi (ang puso) at nakabatay sa mabubuting pangako (sa Dios).



11. Ang pamumuhay ba sa ilalim ng biyaya, sa pamamagitan ng pananampalataya, ay winawalang-halaga ang ang pagsunod sa kautusan ng Dios?

Sa Mga Taga-Roma 6:15 *Ano nga? Magkakasala ba tayo, sapagkat wala tayo sa ilalim ng kautusan, kundi sa sa ilalim ng biyaya?*

Sa Mga Taga-Roma 3:31 *Niwawalan ba nating kabuluhan ang kautusan sa pamamagitan ng pananampalataya? Huwag nawang mangyari: kundi _____ pa nga natin ang _____*

PALIWANAG: Yaong mga pinatawad ng Panginoon sa kanilang pagsuwat sa Kanyang mga kautusan ay may ibayong tungkulin na sundin ang mga ito. Sa kanilang pagkadama ng Kanyang pinagpalang pagpapatawad, higit silang may pagnanais kaysa iba, na masayang sundin si Jesus.

12. Ang mga tao ba ay maliligtas sa pagsunod sa kautusan?

Efeso 2:8, 9 *Sapagkat sa _____ kayo ay nangaligtas sa pamamagitan ng _____; at ito'y hindi sa inyong sarili: ito'y kaloob ng Dios: Hindi ng mga gawa, upang ang sinoman ay huwag magmapuri.*



PALIWANAG: Walang sinoman ang maliligtas sa pagsunod sa utos. Ang lahat ay maliligtas sa mahimalang paggawa ng biyaya ng Dios. Ngunit yaong mga naligtas o nabago ng biyaya ng Dios ay magnanais na sundin ang Kanyang utos bilang kapahayagan ng kanilang pagibig at pagpapasalamat sa Kanya. Juan 14:15 Kung Ako'y inyong iniibig ay susundin ninyo ang Aking mga utos.

13. Ano ang nagpapakilos sa tao na sundin ang kautusan ng Dios?

Sa Mga Taga-Roma 13:10 Ang _____ nga ay siyang katuparan ng kautusan.

Mateo 22:37-39 At iyong iibigin ang Panginoon mong Dios ng _____, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo. Ito ang pangunahin at dakilang utos. At ang pangalawang katulad ay ito: Ibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili.

I Juan 5:3 Sapagkat ito ang _____ sa Dios, na ating sundin ang Kanyang mga utos.

PALIWANAG: Ang pagibig ay siyang pinakamalakas na magpakilos. Ang unang apat na utos ay may kinalaman sa aking tungkulin sa Dios. Kung Siya'y aking iniibig, ang pagsunod sa Kanyang mga utos ay isang kasiyahan. Ang huling anim na utos ay sakop ang aking tungkulin sa aking kapwa. Kung tunay kong mahal ang aking kapwa, hindi ko nanaisin kailanman na gumawa ng anumang makakasakit sa kanila.

14. Ako ba'y magiging isang tunay na Kristiyano na hindi sumusunod sa Kanyang mga utos?

I Juan 2:3, 4 At sa ganito'y nalalaman natin na Siya'y ating nakikilala, kung _____ natin ang Kanyang mga utos. Ang nagsasabing, Nakikilala ko Siya at hindi tumutupad ng Kanyang mga utos, ay _____, at ang katotohanan ay wala sa kanya.

15. Mayroon bang mga kautusan ng Matandang Tipan na wala nang bisa sa mga Kristiyano?

Efeso 2:15 Na inalis ... ang kautusan na may mga _____.

PALIWANAG: Ang mga batas na may kinalaman sa pagkasaserdote at paraan ng paghahandog (sacrificial system) ay lumipas na sapagkat ito'y naglalarawan kay Kristo (Colosas 2:13-17). Siya ang naging katuparan nito bilang Kordero ng Dios.


16. Sino ang tanging kinamumuhian ng diablo?

Apokalipsis 12:17 At nagalit ang dragon (diablo) sa _____ (Iglesya), at nakipagbaka sa nalabi ng kanyang binhi (mga tapat sa panahon ng kawakasan), na siyang nagsisitupad ng _____ ng Dios, at may patotoo ni Jesus.

PALIWANAG: Si Satanas ay lubhang namumuhi sa Iglesia ng Dios sa huling panahon, na sumusunod sa mga utos ni Jesus at itinuturo sa mga tao na may banal na kapangyarihan na bumabago sa makasalanan upang maging banal.

17. Ano ang ilan sa mabiyayang gantimpala sa pagsunod sa utos ng Dios?

Juan 15:11 Ang mga bagay na ito'y sinasabi ko sa inyo, upang ang Aking kagalakan ay mapasainyo, at upang ang inyong _____ ay _____.



Mga Kawikaan 29:18 *Ngunit siyang nagiingat ng kautusan ay _____ siya.*

Mga Awit 119:165 *Dakilang _____ ang tinatamo nila na nagsisiibig ng Iyong kautusan: At sila'y walang kadahilanang ikatitisd.*

PALIWANAG: Kaligayahan, katuwaan, kapayapaan, at higit pang saganang pamumuhay ang darating sa mga sumusunod sa utos ng Dios. Di-katakataka na sinabi ni David na ang mga utos ng Dios ay higit na kanaisnais kaysa ginto (Awit 19:10).

Ang Iyong Tugon

Nais mo bang magkaroon ng ugnayang may pagmamahal kay Jesus na aakay sa iyo na maging isa sa Kanyang masaya at masunuring mga anak?

TUGON: _____

Karagdagan

Ang bahaging ito ay mga dagdag na impormasyon para sa dagdag na pag-aaral.

Mga Pagtutulad ng mga Tauhan ng Biblia at ni Jesus

Marami sa mga bayani ng Biblia ay uri at halimbawa ng Panginoon. Si Moises, si Jose, si David, at si Solomon ay mga taong, sa ilang bahagi ng kanilang mga buhay ay paunang inilarawan ang buhay at ministeryo ni Kristo. Ang mga pagkakatulad ng kanilang mga karanasan ay sinadya upang tulungan ang sanlibutan na makilala si Jesus na Anak ng Dios.

Ang karanasan ni Daniel sa utos at mga leon ay isang halimbawa ng gayong espirituwal na pagkakatulad. Pansinin ang mga sumusunod na pagkakatulad:

- Ang mga lider ng Medo-Persia ay nais na alisin si Daniel sa kanyang mataas na kalagayan sapagkat sila'y nahihili sa kanyang malapit na ugnayan sa hari. Sinasabi ng Daniel 6:3, "Inisip ng hari na ilagay siya sa buong kaharian." Gayon din, ninais ng mga lider sa Jerusalem na alisin si Jesus sapagkat sila'y naiinggit sa Kanyang malapit na ugnayan sa Hari ng sanlibutan (Juan 5:18-20).
- Ang mga pinuno ng Medo-Persia ay sinusundan si Daniel sa kanilang pagsisikap na mahuli siyang gumagawa o nagsasalita ng maling bagay (Daniel 6:4). Gayon din ang ginawa ng mga relihiyosong lider ng Kanyang kapanahunan (Lucas 20:19, 20).
- Ang mga kaaway ni Daniel ay hindi nakasumpong ng kasalanan sa kanya, kaya lumikha sila ng isang patibong upang makamtan nila ang kanilang mga adhikain. Sa katulad ding paraan, ang mga pinunong saserdote at mga eskriba ay nakipagsabwatan kay Judas Escariote upang malinlang ang Panginoon (Lucas 22:2-6). Gayon, ipinahayag ni Pilato na wala siyang nasumpungang sala sa Panginoon (Juan 19:4).
- Pagkatapos na siya'y ihagis sa yungib ng mga leon, isang bato ang inilagay sa bunganga ng yungib at tinatakan ng pantatak na singsing ng hari (Daniel 6:16, 17). Ang Panginoon ay inilagay sa isang libingang nilagyan ng pamahalaan ng malaking bato ang pintuan (Mateo 27:58-60, 65, 66).
- Si Daniel at ang Panginoon ay kapwa walang sala at lumabas na buhay mula sa kanilang lupang kulungan (Daniel 6:23, Markos 16:5, 6).

